# Halaga

## Parokya Ni Edgar

Umiiyak ka na naman
Langya talaga , wala ka bang ibang alam
Namumugtong mga mata
Kailan pa ba kaya ikaw magsasawaII.
Sa problema na iyong pinapasan
Hatid sayo ng boyfriend mong hindi mo maintindihan
May kwento kang pandrama na namanIII.
Parang pang TV na walang katapusan
Hanggang kailan ka bang ganyan
Hindi mo ba alam na walang pupuntahan
Ang pagtiyaga mo dyan sa boyfriend mong tanga
Na wala nang ginagawa kundi ang paluhain kaChorus:
Sa libu-libong pagkakataon na tayoy nag-kasama
Iilangulit palang kitang nakitang masaya
Naiinis akong isipin na ginaganyan ka nya
Siguro ay hindi niya lang alam ang iyong
Tunay na halagaIV.
Hindi na dapat pag-usapan pa
Nagpapagod na rin ako sa aking kakasalita
Hindi ka rin naman nakikinig
Kahit sobrang pagod na ang aking bibigV.
Sa mga payo kong di mo pinapansin
Akala moy nakikinig di rin naman tatanggapin
Ayoko nang isipin pa
Di ko alam bat di mo makayanan na iwanan syaVI.
Ang dami-dami naman diyang iba
Wag kang mangangambang baka wala ka nang ibang Makita
Na lalake na magmamahal sayo
At hinding hindi nya sasayangin ang pag-ibig moRepeat chorusVII.
Minsan hindi ko maintindihan
Parang ang buhay natin ay napagti-tripan
Medyo Malabo yata ang mundo
Binabasura ng iba ang siyay pinapangarap koRepeat chorus

Lyrics provided by
https://damnlyrics.com/